



Checklist para sa Paglilinis at Pagdi-disimpekta ng mga Kulungan sa Manukan

Ang pagpapanatili ng mga bahay at iba pang kulungan ng manok ay isa sa mga pinakamahasay na paraan upang maiwasan ang mga mikrobyo mula sa pagkalat sa mga kawan ng manok. Ang isang masusing paglilinis, at pagkatapos ay ang paglalagay ng mga pandisimpekta, ay kumakain ng oras. Ngunit ang proseso ay mahalaga upang iwasan na kumalat ang sakit at panatilihing malusog ang ating mga kawan.

Kung nakakita ka o may pinahihinalang anumang di-karaniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensiyon ng tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling pigilin ang sakit sa loob ng isang kawan.



Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! **Numero ng Telepono**

Beterinaryo

Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba

Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok

USDA

866.536.7593



✓ Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihin ang Iyong Mga Kawan Malusog

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga nag-aalagang pang-komersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang lugar ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan.

- Magsuot ng personal na kagamitang pamproteksyon** o damit at sapatos na ginagamit mo lamang kapag nag-aalaga sa iyong manok. Kabilang dito ang takip ng bota o mga bota na maaaring disimpektahin. Magpalit ng bagong damit pamproteksyon sa tuwing lilipat ng bahay o kulungan ng manok.
- Dapat walang laman ang mga kulungan para sa masinsing paglilinis.** Kung mayroon kang bahay manukan, maghintay hanggang wala nang laman ang bahay para simulan ang proseso ng paglilinis. Kung mayroon kang kulungan o iba pang tipo ng bakod, ilipat ang mga manok sa hiwalay na lugar bago maglinis.
- Alisin ang lahat ng mga kalat, dumi, at iba pang basura.**
- "Tuyong" linisin ang lahat ng mga lugar**—kuskusin, kayurin, at palahin ang mga dumi, pakpak, at iba pang mga bagay. Hindi tatagos ang pandisimpekta sa organic matter o namumuong dumi.
- "Basang" linisin ang lahat ng mga ibabaw**—kuskusin nang may tubig at sabon. Gawin mula taas hanggang ibaba at likod papunta sa harap.
- Banlawang mabuti ng tubig ang lahat ng mga ibabaw.**
- Lagyan ng pandisimpekta** ayon sa mga tagubilin na nasa label. Tiyaking gumamit ng isang pandisimpekta na rehistrado ng Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran sa Estados Unidos o US Environmental Protection Agency (EPA) at nagpapahiwatig na ito ay epektibo laban sa avian influenza at iba pang mga sakit ng manok.
- Iwanan ang kulungang walang laman** hanggang sa ito ay ganap na tuyo. Gumamit ng mga bentilador at/o buksan ang mga pinto at bintana para makatulong sa pagpapabilis sa proseso ng pagpapatuyo. Ang mga basang ibabaw ay maaaring makasama sa manok.
- Kapag tapos ka na, alisin at itapon** ang iyong suot pamproteksyon. Kung gumagamit ng dedikadong damit at bota, magpalit ng damit at linisin at disimpektahin ang iyong mga bota.
- Hugasan nang husto ang iyong mga kamay** ng sabon at tubig. Hugasan at patuyuin ang damit na ginamit para sa paglilinis.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano mapapanatiling malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.

